

# Buod ng Ulat Tungkol sa Kalidad ng Tubig Inumin sa Taong 2022



## Kalidad ng Tubig: Isang Responsibilidad at Pribilehiyo

Ang paniniguro ng kalidad ng tubig para sa Los Angeles ay hindi lamang isang malaking responsibilidad para sa amin, ngunit isa ring malaking pribilehiyo. Ito ang gumagabay sa aming mga aksyon at inisyatiba sa LADWP. Noong 2022, nakakolekta kami ng higit sa 26,000 na sample at nagsagawa ng mahigit 220,000 na pagsusuri sa kalidad ng tubig. Bilang karagdagan, pinananatili namin ang mga field testing, pag-sample, at pagsusuri sa laboratory sa buong panahon ng COVID-19. Para sa amin, ang kalidad at kaligtasan ng tubig ng L.A. ay nakatulong sa pagsiguro ng ating kalusugan at kapayapaan ng isip sa magulong panahon ng pandemya.

Noong Enero ng 2022, aming binuksan ang Los Angeles Reservoir Ultraviolet Disinfection Plant (LARUVDP). Sa halagang \$123.8 milyon, ito ay isang makabagong pasilidad sa paggamot ng tubig, at ang huli sa mahabang listahan ng mga proyektong aming isinagawa sa loob ng 20 taon bilang pagsunod sa mga regulasyong pag-estado at pederal upang protektahan ang inuming tubig sa mga reservoir. Ang detalye ukol sa pagsunod naming sa mga pamantayang ito ay mababasa sa buong ulat.

## Maaasahang Supply ng Tubig sa Harap ng Pagbabago sa Klima

Sa kabila ng pagtuloy na matinding tagtuyot noong 2022, tumulong ang mga mamamayan ng Los Angeles na makatipid ng halos 6 bilyong galon ng tubig habang ang aming mga tauhan ng LADWP ay bumuo at nagpatupad ng maraming mga pamamaraan upang matugunan ang mga pangangailangan sa supply. Sa lahat ng ito, ipinagpatuloy namin ang mga proyektong

pang-imprastruktura. Kabilang sa mga ito ang pagkumpleto ng Tujunga Spreading Grounds Enhancement Project sa halagang \$130 milyon. Sa delubyo nitong huling taglamig, 33 bilyong galon ng tubig ulan ang na-ani ng proyektong ito mula Oktubre 2022 hanggang Marso 2023.

Patuloy rin ang aming pagpa-plano sa Operation NEXT, isang malaki at makabagong inisyatibo na gagamit ng advanced purified recycled water bilang supply ng tubig para sa L.A. at makakaprotekta sa mga epekto sa atin ng tagtuyot. Naniniwala kami na ang pagtitipid ng tubig at mga pamumuhunan sa imprastruktura ay makakasiguro na may tubig para sa lahat sa kinabukasan.

## Pagsunod sa Regulasyon

Noong 2022, nagsuri kami ng higit sa 237 na mga constituent sa buong sistema ng tubig. Walang natanggap na paglabag ang LADWP at natugunan nanmin ang lahat ng pangunahing pamantayan ng tubig na inumin noong 2022.

## PFAS at ang Tubig Inumin sa California

Ang Poly- at Perfluoroalkyl Substances (PFAS) ay isang uri ng mga sintetikong (gawa ng tao) kemikal. Kabilang dito ang Perfluorooctanoic (PFOA) at Perfluorooctane sulfonic acids (PFOS) na noon ay ginamit sa pagmamanupaktura at pinaghihinalaang mga carcinogen. Karamihan sa mga tiga-manupaktura sa U.S. ay boluntaryong tumigil ng paggamit ng PFOS sap agitan ng taong 2000 at 2002, at PFOA noong 2006.

Patuloy na sinusubaybayan ng LADWP ang aming pinagkukuhanan ng groundwater para sa PFAS mula noong nagsimula kaming magsuri noong 2013 -14. Matapos suriin ang daan-

daang sample na gumagamit ng mga inapubahang pamamaraan ng pagsubok, wala kaming nakitang kontaminasyon sa aming mga supply ng tubig. Bagama't nakita ang PFAS sa ilang sample mula sa mga indibidwal na balon, walang solong balon ang kumakatawan sa tubig na aming idinudulot sa mga customer. Ang tubig mula sa mga indibidwal na balon ay hinahalo sa tubig mula sa iba pang mga balon, at higit pang nahahalan ng iba pang tubig mula sa surface water bago ito pumasok sa sistema ng tubig. Makakasiguro kayo sa taas ng kalidad at kaligtasan ng inyong tubig inumin.

## **Pagsunod sa Lead and Copper Rule (LCR) sa Los Angeles**

Ang LADWP ay matagal nang matanggapay na nakakapag-kontrol ng corrosion sa mga tubo at nakaka-iwas sa tingga (lead). Nagpatuloy kami sa aming mga hakbangin sa LCR tulad ng pagpapalit ng mga bahagi ng tubo sa aming mga service lines na gawa sa galvanized iron. Ipinagpatuloy din namin ang pagpapalit ng mga lumang metro ng tubig ng mga may mas mababang tingga. Noong 2022 lamang, 32,825 metro ang aming pinalitan. Noong 2018, nakumpleto namin ang isang imbentaryo ng natitirang linya ng serbisyo na walang nakakaalam kung sino ang may-ari. Wala sa mga ito ang may tingga.

Huli naming isinagawa ang pag-sample ng LCR sa mga tahanan noong 2020. Kumuha kami ng 100 sample pagkatapos ng ilang oras na hindi paggamit ng tubig, katulad ng maagang-maaga sa umaga. Ayon sa mga resulta, may 90<sup>th</sup> percentile sa 5.0 ppb (parts per billion) para sa tingga at 394 ppb para sa tanso (copper). Mababa ang mga ito sa kani-kanilang mga Action Levels na 15 ppb para sa tingga at 1300 ppb para sa tanso. Ang susunod na LCR sampling ay sa 2023.

## **Pagprotekta sa Kalidad ng Tubig sa Pinagmulan**

### **Surface Supply o Tubig Mula sa Natirang Ulan at Natunaw na Niyebe:**

Noong 2020, nakumpleto ng LADWP ang isang pagsusuri ng Owens Valley at Mono Basin watershed na nagdudulot ng tubig sa Los Angeles Aqueduct. Maaaring may mga

geothermal activity sa mga lugar na ito na naglalabas ng natural na arsenic sa mga sapa na dumadaloy sa Owens River. Sinuri din naming ang Lower Stone Canyon Reservoir Watershed noong 2019 at Encino Reservoir Watershed noong 2020. Ang kalidad ng tubig sa mga watershed na ito ay maaaring maapektuhan ng agrikultura, wildlife, at hindi awtorisadong paggamit ng mga storage reservoir. Ang epekto sa kalidad ng tubig mula sa mga aktibidad na ito ay itinuturing na minimal. Regular ding sinusubaybayan ng LADWP ang Cryptosporidium at Giardia. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na madalang ito at nananatili sa napakababang antas sa mga watershed na ito.

### **Groundwater Supply o Tubig Mula sa Lupa:**

Noong 2018, sinuri naming ang mga pinagkukuhanan ng groundwater sa San Fernando Basin. Noong 2019, natapos din naming suriin ang tubig mula sa Central at Sylmar Basins. Ang mga balon dito ay maaaring maapektuhan ng mga proseso ng agrikultura at pagmamanupaktura. Ang mga suplay ng tubig na ito ay ginagamot at hinahalo sa tubig mula sa iba pang mga mapagkukunan upang matiyak ang pagsunod sa mga pamantayan ng inuming tubig.

## **Tubig Mula sa MWD**

Ang pinakahuling mga survey para sa pinagmumulan ng tubig ng Metropolitan Water District (MWD) ay ang Colorado River Watershed Sanitary Survey – 2020 Update, at ang State Water Project Watershed Sanitary Survey – 2021 Update. Ang mga pinagmumulan ng tubig na ito ay maaaring maaapektuhan ng aktibidad sa paglilibang, stormwater runoff, discharge ng wastewater, mga hayop at sunog.

Three out of five MWD treatment plants supply water to the Los Angeles area. MWD tests its water for nearly 400 constituents and performs about 250,000 water quality tests per year on samples gathered from its distribution system. Results from MWD are included in the report on Tables I, II and III.

Ang tubig ng L.A. ay nagmumula sa tatlo sa limang MWD treatment plant. Sinusuri ng MWD ang tubig nito para sa halos 400 na constituent

at nagsasagawa ng humigit-kumulang 250,000 na pagsusuri sa kalidad ng tubig bawat taon sa mga sample na nakolekta mula sa sistema ng tubig nito. Ang mga resulta mula sa MWD ay kasama sa ulat sa Talahanayan I, II at III.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang buong 2022 Water Quality Report sa [www.ladwp.com/waterquality](http://www.ladwp.com/waterquality). Para sa mga tanong tungkol sa iyong inuming tubig, tumawag sa Water Quality Hotline sa (213) 367-3182 o mag-email sa amin sa [waterqualityoffice@ladwp.com](mailto:waterqualityoffice@ladwp.com).